PROPOSISYON

51 MGA BONO NG PAARALAN. PAGPOPONDO PARA SA MGA PASILIDAD NG PAARALAN NA K-12 AT KOLEHIYO NG KOMUNIDAD. INISYATIBANG BATAS.

51

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Pinahihintulutan ang $9 na bilyon na mga pangkalahatang obligasyong bono: $3 bilyon para sa bagong konstruksiyon at $3 bilyon para sa pagsasamoderno ng mga pasilidad ng pampublikong paaralan na K-12; $1 bilyon para sa mga pasilidad ng mga paaralang batay sa karta at bokasyonal na edukasyon; at $2 bilyon para sa mga pasilidad ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California.
- Ipinagbabawal ang pag-aamyenda sa umiiral na awtoridad na magpataw ng mga singil ng developer upang pondohan ang mga pasilidad ng paaralan, hanggang sa magastos ang mga nalikom na bono ng bagong konstruksiyon o sa ika-31 ng Disyembre, 2020, alinman ang mas maaga.
- Ipinagbabawal ang pag-aamyenda sa umiiral na proseso ng Lupon ng Paglalaan ng Estado para sa paglalaan ng pagpopondo sa konstruksiyon ng paaralan, gaya ng sa mga bonong ito.
- Naglalaan ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo upang bayaran ang mga bono.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mga gastos ng estado na humigit-kumulang $17.6 na bilyon upang bayaran ang parehong prinsipal ($9 na bilyon) at interes ($8.6 na bilyon) sa mga bono. Mga pagbabayad na humigit-kumulang $500 milyon bawat taon para sa 35 taon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Ang California ay Mayroong 8.3 Milyong Estudyante ang Nakatala sa Pampublikong K–14 na Edukasyon. Ang sistema ng pampublikong paaralan mula kindergarten hanggang grade 12 (K–12) ay kasalukuyang mayroong humigit-kumulang 6.2 milyong estudyante, 10,000 paaralan (kasama na ang 1,100 paaralan ng karta), 950 distrito ng paaralan, at 58 opisina ng edukasyon sa county. Sa kasalukuyan, mayroong 2.1 milyong estudyante at 113 kampus ang Mga Kolehiyo ng Komunidad sa California na pinapatakbo ng 72 distrito ng kolehiyo ng komunidad. Ang mga kolehiyo ng komunidad ay nag-aalok ng mga kurso sa Ingles, iba pang mga pangunahing kasanayan, at pagkamamamayan, at nagbibigay rin ng pagsasanay sa lakas-paggawa, associate degree, at paghahanda para sa paglipat sa mga unibersidad.

Mga Proyekto ng Pasilidad ng K–12 na Pampublikong Paaralan na Inaprubahan Sa Pamamagitan ng Proseso ng Pagsusuri ng Estado. Sa ilalim ng kasalukuyang Programa ng Mga Pasilidad ng Paaralan, ang mga paaralan ay magsusumite ng mga mungkahi ng proyekto sa Opisina ng Konstruksiyon ng Pampublikong Paaralan ng estado. Ang mga mungkahi ng proyekto ay maaaring para sa pagbili ng lupa, pagtatayo ng mga bagong gusali, at pagsasamoderno (ibig sabihin, pagbabago ng yari) ng mga kasalukuyang gusali. Karapat-dapat ang mga paaralan sa pagpopondo ng bagong konstruksiyon kung wala nang sapat na espasyo ang mga ito para sa lahat ng kasalukuyan at inaasahang estudyante. Karapat-dapat ang mga paaralan sa pagpopondo para sa pagsasamoderno para sa mga gusaling hindi bababa sa 25 taon na ang tanda.

Ang Programa ay Nakabatay sa Pagtutulungan ng Estado at Lokal na Pamahalaan. Kadalasan, ang mga paaralang tumanggap ng pagpopondong gawad ng estado para sa mga inaprubahang proyekto ay dapat mag-ambag ng lokal na pondo para sa mga proyektong iyon. Para sa pagbili ng lupa at mga bagong proyekto ng konstruksiyon, paghahatian ng estado at lokal na pamahalaan ang bawat 50 porsiyento ng mga gastusin sa proyekto. Para sa mga proyekto ng pagsasamoderno, ang bahagi ng estado ay 60 porsiyento at ang bahagi ng lokal na pamahalaan ay 40 porsiyento sa mga gastusin sa proyekto. Kung walang sapat na lokal na pagpopondo ang mga paaralan, maaaring mag-apply

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI IPINAGPATULOY

ang mga ito para sa karagdagang pagpopondong gawad ng estado, nang hanggang 100 porsyento ng gastusin sa proyekto, kung saan mababawasan o matatanggal ang mga lokal na kontribusyong kinakailangan nilang ibigay.

Ilang Espesyal na Bahagi ng Programa para sa Dalawang Uri ng Proyekto ng Pasilidad ng K–12. Nalalapat ang karamihan ng mga pangunahing tuntunin ng programa sa mga pasilidad ng karera sa teknikal na edukasyon at paaralan ng karta, ngunit naiiba ang ilang bahagi ng programa. Bagama't babayaran ng estado ang 60 porsiyento ng mga gastusin sa proyekto para sa karamihan ng proyekto ng pagsasamodermo, babayaran nito ang 50 porsiyento para sa karera sa teknikal na edukasyon at mga proyekto ng pagsasamodermo ng paaralan ng karta. (Pareho lang ang mga bahagi sa bagong konstruksiyon.) Para sa karera sa teknikal na edukasyon, nililimitahan sa $3 milyon ang mga gawad ng estado para sa isang bagong pasilidad at $1.5 milyon para sa pasilidad na isasamoderno. Para sa mga proyekto ng paaralan ng karta, dapat ding sumailalim ang mga mungkahi sa isang espesyal na pagsusuri ng estado upang matukoy kung may kakayahang pinansyal ang paaralan ng karta. Bukod pa sa mga espesyal na tuntuning ito, ang mga paaralang hindi masasaklawan ang kanilang lokal na bahagi para sa dalawang uri ng proyektong ito ay maaaring mag-apply sa mga pautang ng estado (sa halip na karagdagang pagpopondong gawad). Dapat bayaran ng mga paaralan ang mga inutang ng mga ito para sa karera sa teknikal na edukasyon at mga inutang para sa paaralan ng karta sa loob ng maximum na 15 taon at 30 taon, ayon sa pagkakasunud-sunod.

Mga Proyekto ng Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad na Inaprubahan sa Taunang Badyet. Bagama't maaari ding tumanggap ng pagpopondo ng estado ang mga kolehiyo ng komunidad para sa pagbili ng lupa, pagtatayo ng mga bagong gusali, at pagsasamodermo ng mga kasalukuyang gusali, naiiba ang proseso para sa pagsusumite at pag-aapruba ng mga proyekto kaysa sa pagsusumite at pag-aapruba ng mga pasilidad ng K–12. Upang makatanggap ng pagpopondo ng estado, dapat isumite ng mga distrito ng kolehiyo ng komunidad ang mga mungkahing proyekto sa Kansilyer ng sistema ng kolehiyo ng komunidad. Ang Kansilyer ang magpapasya kung aling mga proyekto ang isusumite sa Lehislatura at Gobernador, kung saan aaprubahan ang mga proyekto bilang bahagi ng proseso ng pagbabadyet ng estado at popondohan sa taunang batas sa badyet ng estado.

Iba-iba ang Mga Lokal na Kontribusyon para sa Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad. Hindi katulad ng mga pasilidad ng K–12, ang batas ng estado ay walang tinukoy na mga partikular na kontribusyon ng estado at lokal na pamahalaan para sa mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad. Sa halip, iraranggo ng Kansilyer ng sistema ng kolehiyo ng komunidad ang lahat ng isinumiteng proyekto ng pasilidad gamit ang isang sistema ng pagbibigay ng iskor. Ang mga proyekto kung saan mas malaking lokal na pondo ang ibibibigay ng mga kolehiyo ng komunidad ay makakatanggap ng mas maraming puntos sa ilalim ng sistema ng pagbibigay ng iskor.

Ang Estado ang Pangunahing Nagpopondo sa Pampublikong Paaralan at Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad sa Pamamagitan ng Mga Pangkalahatang Obligasyong Bono. Karaniwang nag-iisyu ang estado ng mga pangkalahatang obligasyong bono upang mabayaran ang mga proyekto ng pasilidad. Dapat aprubahan ng mayoriya ng mga botante ang mga bonong ito. Mula 1998 hanggang 2006, inaprubahan ng mga botante ang apat na bono ng pasilidad na nagbigay ng kabuuang $36 na bilyon para sa mga pasilidad ng K–12 at $4 na bilyon para sa mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad. Hindi inaprubahan ng mga botante ang mga bagong bono ng pasilidad ng estado simula noong 2006. Ngayon, ang estado ay birtuwal na walang natitirang pondo mula sa mga dating inisyung bono ng pasilidad ng paaralan at kolehiyo ng komunidad. (Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng mga bono ng estado, tingnan ang “Pangkalahatang-tanaw ng Utang sa Bono ng Estado” sa ibabang bahagi ng gabay sa

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 51, pumunta sa pahina 118.

botante na ito.)

Pinagpapahinga ng Estado ang Mga Bono Sa Paglipas ng Panahon sa Pamamagitan ng Pagbibigay ng Mga Taunang Bayad sa Serbisyo ng Utang. Noong 2016–17, nagbayad ang estado ng $2.4 bilyon sa utang na serbisyo mula sa mga dating inisyung pangkalahatang obligasyong bono ng estado para sa mga pasilidad ng paaralan at $300 milyon para sa mga pasilidad ng kolehiyo ng komunidad.

Ang Mga Distrito ay Nangangalap ng Lokal na Pondo para sa Mga Pasilidad Sa Pamamagitan ng Mga Lokal na Pangkalahatang Obligasyong Bono. Maaaring magbenta ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ng mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono upang makatulong na masaklawan ang gastusin sa mga proyekto ng pasilidad. Dapat makumbinsi ng mga distrito ang hindi bababa sa 55 porsiyento ng kanilang mga botante na aprubahan ang pagbebenta ng mga lokal na bonong ito. Simula 1998, ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ay nakapagbenta na ng humigit-kumulang $64 na bilyon at $21 bilyon, ayon sa pagkakasunud-sunod, sa mga lokal na pangkalahatang obligasyong bono para sa mga proyekto ng pasilidad.

Ilang Iba Pang Mga Pinagmumulan ng Pagpopondo. Bilang karagdagan sa mga lokal na bono, ang mga distrito ng paaralan ay maaaring mangalap ng mga pondo para sa mga pasilidad ng paaralan sa pamamagitan ng paniningil para sa bagong pagpapaunlad. Simula 1998, nakakalap na ang mga distrito ng paaralan ng $10 bilyon mula sa mga bayad ng tagapagtayo. (Walang ganitong opsyon ng pangangalap ng kita ang mga kolehiyo ng komunidad.) Ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ay maaaring mangalap ng lokal na pondo para sa mga pasilidad gamit ang iba't ibang paraan, kasama na ang mga buwis sa parsela, ngunit mas madalang gamitin ng mga ito ang iba pang mga paraan na ito.

MUNGKAHI

Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, pinapayagan ng panukalang ito ang estado na ibenta ang $9 na bilyon ng mga pangkalahatang obligasyong bono para sa mga pasilidad ng pampublikong paaralan at kolehiyo ng komunidad.

Mga Pasilidad ng K–12 na Paaralan. Gaya ng ipinapakita sa pigura, nakalaan ang $7 bilyon para sa mga pasilidad ng K–12 na paaralan para sa apat na uri ng proyekto: bagong konstruksiyon, pagsasamoderno, mga pasilidad ng karera sa teknikal na edukasyon, at paaralan ng karta. Ilalapat din sa mga pondong ito ang mga tuntunin ng kasalukuyang programa ng pasilidad ng paaralan ng estado.

Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad. Ang $2 bilyong pagpopondo ng kolehiyo ng komunidad ay para sa alinmang proyekto ng pasilidad, kasama na ang pagbili ng lupa, pagtatayo ng mga bagong gusali, pagsasamodermo ng mga kasalukuyang gusali, at pagbili ng kagamitan. Alinsunod sa kasalukuyang kasanayan, ang Lehislatura at Gobernador ang mag-aapruba ng mga partikular na proyekto ng pasilidad ng kolehiyo ng komunidad na popondohan ng mga pera ng bono sa taunang batas sa badyet.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Dadagdagan ng Panukala ang Mga Gastusin ng Estado sa Serbisyo ng Utang. Ang magagastos ng estado sa pag-iisyu ng mga iminungkahing bono ay nakadepende sa oras ng pagbebenta ng bono, mga antas ng interes

Pigura 1
Proposisyon 51: Mga Paggamit ng Mga Pondo ng Bono

(Sa mga Milyon)

	Halaga
Mga Pasilidad ng K–12 na Pampublikong Paaralan	
Bagong konstruksiyon	$3,000
Pagsasamoderno	3,000
Mga pasilidad ng karera sa teknikal na edukasyon	500
Mga pasilidad ng paaralan ng karta	500
Subtotal	($7,000)
Mga Pasilidad ng Kolehiyo ng Komunidad	$2,000
Kabuuan	**$9,000**

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPATULOY

na ipinapatupad sa oras na ibinenta ang mga bono, at yugto ng panahon kung kailan ibabalik ang bayad para sa mga bono. Malamang na iiisyu ng estado ang mga bonong ito sa loob ng humigit-kumulang limang taon at magbabayad para sa prinsipal at interes mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado (ang pangunahin nitong gumaganang account) sa loob ng humigit-kumulang 35 taon. Kung ibinenta ang mga bono sa average na antas ng interes na 5 porsiyento, ang kabuuang halaga para mabayaran ang mga bono ay $17.6 bilyon ($9 na bilyon sa prinsipal at $8.6 bilyon sa interes). **Ang average na bayad bawat taon ay humigit-kumulang $500 milyon.** Ang halagang ito ay wala pa sa kalahati ng 1 porsiyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

Ang Panukala ay Magkakaroon ng Maliit na Epekto sa Lokal na Pangangalap ng Kita at Paggastos sa Pasilidad. Ang pagpapasa ng bagong bono ng estado ay malamang na magkakaroon ng maliit na epekto sa gawi ng lokal na distrito. Ito ay dahil karaniwang inaatasan ang mga distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad na magbigay ng mga lokal na kontribusyon sa mga pasilidad ng mga ito kung gusto ng mga ito na makakuha ng pagpopondo ng estado. Hindi tukoy ang eksaktong epekto sa lokal na gawi. Sa kabilang banda, ang ilang distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ay maaaring mangalap at gumastos nang mas malaki sa lokal kung may magagamit na mga karagdagang pondo ng estado. Bilang resulta, maaaring magkaroon ng mas maraming pangkalahatang aktibidad sa pasilidad sa mga distritong ito sa loob ng susunod na ilang taon. Sa kabaligtaran, ang iba pang distrito ng paaralan at kolehiyo sa komunidad ay maaaring mangalap at gumastos nang mas maliit sa lokal dahil ang pagkakaroon ng mga karagdagang pondo ng estado ay nangangahulungang hindi kailangang bayaran ng mga ito ang buong gastusin sa mga proyekto ng pasilidad ng mga ito. Maaaring makumpleto ng mga distritong ito ang parehong bilang ng mga proyekto dahil wala silang bagong bono ng estado. Gagamitin ng mga ito ang bagong available na pagpopondo ng estado upang mabawi ang pondong dapat sana ay lokal na nakalap ng mga ito.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 51, pumunta sa pahina 118.